

Ang Pagkalalaki Ayon sa mga Lalaki: Pag-aaral sa tatlong grupong kultural sa Pilipinas

**GRACE AGUILING-DALISAY
MA. LINA NEPOMUCENO-VAN HEUGTEN
MARIANO R. STO. DOMINGO**

This study looked into how Filipino males from three cultural groups - the Tagalogs, Ilonggos and Maranaws, differ in their understanding of the concepts of pagkalalaki (manhood), tunay na lalaki (real man) and ganap na lalaki (fulfilled man). Responses across the 3 cultural groups appear to be similar in terms of the biological aspects of manhood as manifested in physical attributes, strength and the ability to fulfill role expectations. Differences are more pronounced in the cultural and psycho-social realms.

Panimula

Dahil sa pagsigla ng kilusang pangkababaihan sa Pilipinas, napakarami nang pag-aaral ngayon na nagbibigay-pansin sa katayuan at suliranin ng mga kababaihang Pilipino. Nariyan ang mga pag-aaral sa kanilang kasaysayan, kilusan, kalusugan, kabuhayan, at iba pang aspekto ng buhay.

Inaakala ng mga may-akda na hindi magiging ganap ang pag-unawa sa usaping pangkasarian kung hindi bibigyan ng pantay na pansin ang mga kalalakihan. Kakaunti lamang ang mga lokal na pag-aaral kaugnay ng kalalakihan at pagkalalaki. Ang pag-aaral na ito ay panimulang pagtingin sa konsepto ng pagkalalaki ng mismo mga lalaking Pilipino. Ito ay bahagi ng isang mas malawak na kros-etnikong pag-aaral sa "Sekwalidad ng mga Pilipino" (Pe-Pua, Aguilung-Dalisay at Sto. Domingo, 1993) na nagsuri sa konsepto at ugaling sekswal ng mga Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, pinag-ukulan ng pansin ang pakahulugan at konsepto sa pagkalalaki ng mga lalaking Pilipino mula sa tatlong grupong etniko: ang mga Tagalog, Ilonggo at Maranaw. Binigyang pansin din ang katayuang sibil (may-asawa o wala). Mahalaga ang pag-aaral dahil ito ay magbibigay linaw sa inaakalang makitid na pananaw ng mga kalalakihan mismo sa kanilang pagkalalaki.

Pagsusuri ng Kaugnay na Literatura

Ang Pananaw na Biyolohikal

Minarapat na sipiin ang isang bahaging nakalahad sa unang modyul ng *Kalagin ang Ating Tanikala* (Center for Women's Resources, 1995:1) sapagkat mabisa nitong nailahad ang lahat ng mga aspekto ng pagkakaibang biyolohikal ng mga lalaki at babae.

May kaibahan ang kalikasan ng babae't lalaki. Unang mapapansin ito sa pagkakaiba ng "ari" ng lalaki't babae. May pagkakaiba rin ang distribusyon ng buhok nila sa kanilang katawan, taginting ng boses, tigas ng kalamnan. Ang kalikasang ito ang nagtatakda kung bakit babae ang nabubuntis, at lalaki ang nakakabuntis. Kaya natural na magkaiba ang kanilang papel sa punto ng panganganak o ng pagpaparami ng lahi. Itinatakda ng kanilang kalikasan bilang babae o lalaki ang pagkakaiba ng kanilang papel sa gawaing ito.

Sa pagtataya naman ni Basow (1992:38), ang pagkakaibang pangkasarian ay nagaganap sa pamamaraang bai-baitang. Nagsisimula ito sa impluwensya ng mga *chromosomes* na sinundan ng *hormones* habang ang sanggol ay nasa sinapupunan pa; kapag nailuwal na ang bata, ang pagkakaiba ay itinatakda ng kanyang angking ari at ng magaganap na sosyalisasyon.

Mga Teyorya ng Sosyalisasyon

Ang mga teyoryang ginagamit sa sikolohiya at sosyolohiya upang ipaliwanag kung paano nabubuo ang identidad bilang

lalaki o babae ay kapwa may kinalaman sa sosyalisasyon. Ang sosyalisasyon, ayon kay Lindsey (1990:37), ay tumutukoy sa prosesong pinagdadaanan ng mga indibidwal upang matutunan ang kanilang kultura at mapaghandaan ang kanyang tungkulin bilang miyembro ng lipunan. Inihanay ni Basow (1992:118-127) ang apat na teyorya ng sosyalisasyon. Kabilang dito ang *psychodynamic theories*, *social learning theory*, *cognitive developmental theory*, at *gender schema theory*.

Tulad ng inaasahan, ang mga teyoryang sikodinamiko ng sosyalisasyon ay nagbibigay diin sa papel na ginagampanan ng *unconscious* at tinatanggap na ang pag-unlad ng identidad bilang lalaki o babae ay nakaangkla sa biyolohiya. Matatandaang si Freud ang nagpatanyag ng kasabihang, "*Biology is destiny*." Liban pa rito, tinatanggap din na ang resolusyon ng *Oedipus complex* para sa mga lalaki at *Electra complex* para naman sa mga babae ang siyang nagtutulak sa bata na hubugin ang kanyang pagkilos nang hawig sa magulang na may katulad na kasarian.

Batay naman sa *teyoryang social learning*, ang pagkabuo ng identidad bilang lalaki o babae ay produkto ng iba't ibang uri ng pagkatuto sa pamamagitan ng *differential reinforcement*, pagpaparusa at paggagantimpala, obserbasyon at paggaya sa pagkilos ng mga modelong may katulad na kasarian. Tinatalakay rin ni Lindsey (1990:37) ang ginawang pagpapalawak ni Lynn sa modelong ginagamit sa *social learning* sa kanyang pag-aaral noong 1959 at 1969. Napuna ni Lynn na tila higit na nahihirapan ang mga batang lalaki sa sosyalisasyon tungo sa pagkalalaki dahil sa ang mga ama ay hindi kasindalas na nakakapiling ng mga batang lalaki kung ihahambing sa kanilang ina. Kapag nasa bahay ang isang ama, hindi rin siya gaanong nakapagpapakita ng kanyang pagmamahal at pagkandili sa kanyang mga anak. Lumalabas na tunay na kakaunti ang modelong panlalaki na matatagpuan ng isang batang lalaki. Binubuo niya ang kahulugan at pakahulugan ng pagkalalaki batay sa kakaunting impormasyon

na nasasagap niya. Higit na marami sa impormasyong napapasakanya ay tumutukoy doon sa mga bagay na hindi niya nararapat gawin kaysa doon sa mga bagay na mahalagang isakatuparan niya. Iginigiit ni Lynn na ang kakulangan sa impormasyong ito ang siyang nagtutulak sa mga batang lalaking higit na mabilis tanggapin ang mga esteryotipo ukol sa pagkalalaki. Maaring ito rin ang dahilan kung bakit higit na mahirap baguhin ang mga esteryotipikong pananaw na ito. Naobserbahan ni Pleck sa kanyang aklat na *Myth of Masculinity* (1981:34) na kadalasan ay hindi tunay na tiyak ang mga lalaki sa kanilang pagkalalaki. Sinubukan niyang maghain ng ilang posibleng dahilan nito.

An individual's sex role identity ideally derives from his or her relationship with the same sex parent. A man's efforts to attain a healthy sex role identity in this way are thwarted by such factors as paternal absence, maternal over-protectiveness, the feminizing influence of the schools, and the general blurring of the male and female roles that is now occurring in society.

Mapapansin rin na ang nabubuong limitadong pananaw sa kung ano ang pagkalalaki ay nagkakaroon ng hindi mabuting kahihinatnan tulad ng barkadahan na kadalasang itinuturing ang pagiging agresibo, palaaway at marahas bilang mga katangiang karapat-dapat hangaan at tularan. Dito rin marahil nag-uugat ang *machismo*, ang sukdulan at makitid na pananaw ukol sa pagkalalaki. Binigyang kahulugan ito ni Stevens (1993:484) bilang "a way of orientation which can be most succinctly described as the cult of virility. The chief characteristics of this cult are exaggerated aggressiveness and intransigence in male-to-male interpersonal relationships and arrogance and sexual aggression in male-to-female relationships."

Ang teyoryang *cognitive-developmental* naman ay umusbong bilang tugon sa ipinalalagay na pinakamalubhang kahinaan ng teyoryang *social learning*. Isinusulong sa teyoryang ito na ang bata ay may aktibong pakikibahagi sa

pag-ugit ng kanyang pagkalalaki o pagkababae. Batay sa teyorya ni Piaget, iginigiit ni Kohlberg na nahuhubog ang pagkalalaki o pagkababae ng isang bata kaakibat ng pag-unlad ng kanyang kaisipan. Sinasabing sa edad na tatlong taon, hindi na nagkakamali ang bata sa pagtukoy hindi lamang sa sarili niyang kasarian kundi pati sa kasarian ng ibang nakapaligid sa kanya. Sa edad na anim na taon pa lamang, tiyak na nauunawaan ng isang bata na siya ay lalaki at mananatiling isang lalaki. Sa puntong ito tinatanggap ang pagkabuo ng identidad ng bata bilang lalaki. Ang pagkabuo ng identidad na ito ang siyang magiging pundasyon ng pagkaorganisa ng marami sa pagkilos ng bata. Maghahanap ang bata ng mga modelo sa pagkilos na may katulad na kasarian, kadalasan ang kanyang tatay o nanay. Unti-unting magkakaroon ng pagkakatugma ang pagkaunawa ng bata sa kanyang pagkilos at sa kanyang taglay na kasarian. Sa kasamaang palad, hindi rin lubos na nagtagumpay ang teyoryang ito na maipaliwanag ng lubusan ang sosyalisasyon sa pagkalalaki at pagkababae dahil hindi nito tahasang matukoy ang mga nakapaloob na mekanismo sa pag-unlad na kognitibo.

Paglalagom at pagbibigay koordinasyon naman sa tatlong naunang teyorya ng sosyalisasyon ang pakay ng teyoryang *gender-schema*. Dito ipinakikitang aktibo ang mga bata sa pagpapaunlad ng mga konseptong may kaugnayan sa kasarian at ang mga ito ay naisasaayos nila batay sa antas ng kaunlaran ng kanilang kaisipan. Ang magkaibang pagtrato sa mga batang lalaki at babae at ang pagkakaroon ng iba't ibang modelo sa pagkilos ay nagkakatulong-tulong upang matukoy ng bata na mayroong tama at maling pagkilos ayon sa kasarian. Liban pa rito, pinahahalagahan din ang pagkabuo ng malapit na relasyon ng bata sa isa o kapwa magulang, at ang biyolohikal na kalikasan ng bata.

Tinatanggap ng lahat ng teyoryang binigyang-pansin na ang proseso ng sosyalisasyon ay panghabang-buhay. Kadalasan ay tinatalakay ang kaibahan ng prosesong kaugnay sa

pangunahing sosyalisasyon na nagsisimula sa pagkabata at nagpapatuloy na sosyalisasyon na siyang nagiging batayan ng iba't ibang mga papel na gagampanan ng isang indibidwal bilang lalaki o babae sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay.

Mga Daluyan ng Sosyalisasyon

Sa aklat ni Basow na *Gender Stereotypes & Roles* (1992:126-168), bumanggit siya ng ilang posibleng daluyan ng mga impluensyang may kinalaman sa sosyalisasyon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pag-aaral ay natukoy niya ang diin ng iba't ibang bukal na ito. Para sa mga magulang at iba pang kaanak, liban pa sa pagkilos ng mga ito na may kinalaman sa kasarian, mahalaga rin ang mga sariling paniniwala at esteryotipong taglay nila ukol sa mga kasarian, at ang pagtrato nila sa mga bata. Sa paaralan naman, nakikita rin ang papel na ginagampanan ng guro at mga kaklase't kaibigan ng bata sa kanyang sosyalisasyon. Binigyan naman ni Lindsey (1990:46-52) ng karampatang pagpapahalaga ang papel ng wika at ng midya (telebisyon, radyo, magasin at sine, kasama rin ang mga patalastas) sa pagpapatingkad ng epekto ng sosyalisasyon ng isang bata tungo sa pagkalalaki o pagkababae.

Ang Pananaw na Antropolohikal

Sa aklat na *Manhood in the Making: Cultural Concepts of Masculinity*, sinimulan ni Gilmore (1990:1) ang pagpapakilala sa kanyang paksain sa pamamagitan ng pagsasabing

This book is about the way people in different cultures conceive and experience manhood, which I will define here simply as the approved way of being an adult male in any given society. More specifically, it is about why people in so many places regard the state of being a "real man" or "true man" as uncertain or precarious, a prize to be won or wrestled through struggle, and why so many societies build up an elusive or

exclusionary image of manhood through cultural sanctions, ritual, or trials of skill and endurance.

Kinakatigan at sinusuportahan ng pag-aaral na ito ang pananaw na ang pagkalalaki ay pinatutunayan, pinagtitibay at pinatototohanan sa kapwa lalaki, sa mga babae at sa sarili man, sa iba't ibang paraan batay sa itinatakda ng kultura. Ang pagkalalaki ay isang kalagayan na kailangang matamo at hindi simpleng kaakibat ng pagiging isang biyolohikal na lalaki.

Ilang Tala sa mga Pag-aaral sa Pilipinas ukol sa Pagkalalaki

Nakatagpo ng 20 artikulo at pag-aaral na tahasang may pagtukoy ukol sa mga kalalakihan at pagkalalaking Pilipino. Nangingibabaw ang pag-aaral ni Santiago (1975) dahil sa ito ang tinatayang pinakaunang sistematikong pagsisikap na pag-aralan ang konsepto ng pagkalalaki sa lipunang Pilipino batay sa kilos, damdamin, gawain, isip at ugali. Sa mga nalalabi, karamihan dito ay may kinalaman sa mga pagkilos na nagpapatibay sa ilang esteryotipong panlalaki tulad ng inilahad ni Fajardo (1982): nag-aasawa, umaako ng responsibilidad, ulo ng tahanan at tagapaghanap-buhay. Ayon naman kay Javier (1980), ang mga kalalakihang Maranaw ay matapang, tapat, maginoo sa kababaihan at bukod-tangi ang prinsipyo at pagpapahalaga.

Pinakamadalas mabanggit at bigyang pansin ang *double standard*, pambababae, pangangaliwa, pangengerida o pagkakaroon ng kabit (Abrera 1972; Arranz 1983; Bulatao 1978; Katigbak 1980; Jocano 1983). Sa artikulo ni Abrera ukol sa pananyansing, tila ipinahihiwatig na tanggap sa lipunan na may tatlong uri ng lalaki: ang babaero, torpe at karaniwan. Ayon kina Arranz, et al. kapwa may positibong pananaw ang mga lalaking Pilipino, may asawa man o wala, ukol sa pangangaliwa. Pinatunayan ng pag-aaral ni Bulatao ang pagtanggap ng mga lalaking Pilipinong may asawa sa *double*

standard of morality. Pinag-aralan naman nina Katigbak, *et. al* ang ukol sa mga *sugar daddy* na nagsabing ang kanilang dahilan sa pangangaliwa ay ang pagka-*nagger* ng kanilang mga asawa at ang pagiging higit na mainit at magaling sa kama ng kanilang mga kabit na kadalasan ay batambata. Ipinaliwanag naman ni Jocano (1983:141-142) na para sa mga nakaririvasang Hiligaynon, ang pagkakaroon ng kerida ang siyang nagpapatatag ng imaheng *macho* na minimithing makamit ng maraming kalalakihan. Para naman doon sa mga nagbibinata, siniyasat nina Abaya (1990) at Gaston (w.p.) ang papel ng binyag o unang pakikipagtalik (na kadalasa'y sa isang babaing bayaran) bilang udyok ng kultura sa binatilyo upang ipakitang siya ay tunay na lalaki na. Napag-alaman naman ni Jocano (1983:193) na ang mga batang lalaking Ilonggo ay napipilitang magpatuli dahil ito ay tinitingnan nila bilang hamon sa kanilang mapatunayan ang kanilang kakayahang tiisin ang sakit at hapdi na dulot ng operasyon, mga katangiang matatagpuan sa isang tunay na lalaki. Sa mga pag-aaral naman ukol sa mga machong Pilipino, napag-alaman ni Quimpo (1979-80) na para sa maraming Pilipino, ang ideyal na *macho* ay si Philip Salvador dahil siya ay may katawang panromansa. Sa pagtatalakay ni Tolentino (1990), ang mito ng pagkalalaki ay kinatawan naman ni Richard Gomez. Ginamit naman ni Cruz (1991) ang konsepto ng *gabum* upang sumalamin sa nagaganap na pataasan ng ihi, larong *macho* o agawan ng kapangyarihan.

Subalit lumalabas na tila nasusukol na rin ang mga kalalakihang Pilipino sa makitid na papel na ipinaubaya sa kanila ng mga esteryotipo. Patunay rito ang nagiging suliranin ng mga lalaking Tagalog na pinag-aralan ni Jocano (1973). Ayon sa kanila, sa pakikipagseks nila sa kanilang asawa, hindi nila maaring pahabain ang *foreplay* dahil sa dapat igalang ang ina ng iyong anak; hindi rin dapat magmungkahi ng iba't ibang posisyon dahil sa mapagbibintangang nakikipagtalik sa mga baylarina. Pinuna naman ni Ventura (1981) na sa pagtaya ng lipunan, higit na

kawawa ang lalaking iniiwan ng asawa dahil sa parang nawawala ang pagkalalaki nito. Iniulat naman ni Hollnsteiner (1981) na nahihirapan ang mga kalalaking ipakita ang iba pang aspekto ng kanilang pagkatao dahil sa ang paglihis sa inaasahang esteryotipo ay awtomatikong nangangahulugan ng pagiging ander di saya.


Tinatayang hindi pa huli ang lahat para sa mga kalalaking Pilipino. Matagal man ang panahong kanyang ipinaghintay, unti-unti na ring pumapasok ang mga kaisipang magpapalawak ng mga papel na maari niyang pagpiliang gagampanan sa hinaharap. Binatikos ni Garcia (1992) ang ginagawang pagpoprograma ng kultura sa pagkalalaki at pagkababae, gayong ang tunay na pagkakaiba nila ay pisikal lamang. Binasag ni Tolentino (1990) ang mito ng pagkalalaki sa pagsisiwalat nito bilang pinamamamayaning hegemoniya sa pagpapalaganap ng politikal, pang-ekonomiya at sekswal na kapangyarihan ng mga lalaki. Inihayag naman ni Patanac (1975) na ang donselya na dating itinuturing na salamin ng pagkatao ng lalaking Pilipino ay unti-unti nang nababago ang pakahulugan para sa kanila- habang tumataas ang pinag-aralan ng isang lalaki ay bumababa naman ang kanyang pagpapahalaga sa pagkadonselya o pagiging birhen ng babaeng pakakasalan. Hinawan naman ni Mendoza (w.p.; 1992) ang landas patungo sa *androgyny* o pagtataglay ng isang indibidwal ng mga katangiang kapwa itinuturing na pambabae at panlalaki. Ibinahagi ng mga amang kalahok sa pag-aaral ni Aguiling-Dalisay (1983) na kinikilala nila ang kahalagahan ng pagiging malapit sa kanilang mga anak. Ayon sa mga amang 40 anyos pababa, nakita nila ang kahalagahan ng suportang emosyonal na naibabahagi nila sa mga bata, hiwalay pa roon sa nagmumula sa mga ina. Kabilang dito ang pakikipaglaro sa mga bata at pag-aasikaso sa kanilang mga pisikal na pangangailangan. Binuksan rin ni Mendoza ang pinto para sa sikolohikal na pagbubuklod ng mga sensitibong lalaki ng nobenta. Kaugnay nito, napag-alaman mula sa pananaliksik nina Aguiling-Dalisay, *et.al.* (1995) na pinahalagahan ng mga

kalalakihan mula sa Luzon, Visayas at Mindanao at ng kanilang mga asawa ang mga naiibigang kilos sekswal at mahalaga itong aspekto ng kanilang pagkalinga sa isa't isa.

Balangkas na Pangkaisipan

Ang balangkas pangkaisipan na makikita sa ibaba ay hango sa mga literaturang nirebyu at ito ay nagpapakita ng pagtatagpo ng tatlong salik na siyang nagbibigay-daan sa pagkabuo ng konsepto ng pagkalalaki ng isang tao: biyolohikal, sosyo-kultural at sikolohikal. Ang biyolohikal na aspekto ay tumutukoy sa mga pisikal na katangian, pangangailangang sekswal at iba pang predisposisyong maaaring bunga ng biyolohiya. Ang sosyo-kultural na salik ay ang kapaligiran at lipunang may partikular na paniniwala at kaugnay na oryentasyon ng pagkalalaki, mga tinatanggap at di-tinatanggap na paraan ng pagkilos, at ang mga ritwal at pagsubok. Ang sikolohikal na salik naman ay tumutukoy sa pagbuo at pagbabago sa kamalayan ng indibidwal na maaaring magdulot ng kanyang aktibong pakikibahagi sa pag-ugit ng kanyang sariling pagkalalaki.

Ipinapalagay na dahil panlabas at madaling mapansin, ang pisikal na katangian ay madalas gamiting batayan o



pagpapatunay ng pagkalalaki, halimbawa ay ang pagkakaroon ng ari at ang atraksyon sa babae. Ginagamit itong mga batayan, hindi lang ng lipunan, kundi mismo ng mga lalaki sa kanilang sarili. Ngunit makikita rin na bagamat isa itong batayan, marami pa ring mga pagsubok na inihahain ang kultura upang ito ay mapatunayan o kaya naman ay may mga alternatibong kaisipang sumusubok sa mga tradisyonal na paniniwala. Ang lipunan din ay maaaring pagmulan ng kamalayang huhubog sa indibidwal at kamalayang maaaring sumuporta o humamon sa nakagawian. Ang huling nabanggit ay maaaring subhetibo sa lebel ng indibidwal at tatawaging sikolohikal na dimensyon. Kailangang bigyang-diin na hindi laging malinaw ang hangganan o boundaries ng bawat dimensyon, ang mga dimensyon ay maaaring naghahalo, minsan naman ay nangingibabaw ang isa.

Samakatuwid, may interaksyon ng biyolohikal, kultural at sikolohikal na salik sa paghubog ng konsepto ng pagkalalaki. Ang konseptong ito ay mayroon ding mga dimensyong pisikal, pandamdamin, pangkilos at pangkaisipan. Inaakala ng pag-aaral na ito na ang konsepto ng pagkalalaki ay maaaring magbago at ito ay panghabambuhay na binibigyang-kahulugan ng isang tao para sa kanyang sarili o grupo ng mga tao para sa kanilang lipunan.

Pamamaraan

Ang papel na ito ay pangalawang pagsusuri sa ilang bahagi ng datos na kinalap kaugnay sa Project Filipino Sexuality na isinagawa nina Rogelia Pe-Pua, Grace Aguilin-Dalisay at Mariano Sto. Domingo noong 1993.

Paraan ng Pagkalap ng Datos.

Sinuri ng pag-aaral ang mga tema ng datos na kinalap mula sa walong (8) ginabayang talakayan (GT) na isinagawa sa tatlong lugar ng pananaliksik: sa Kamaynilaan, Iloilo at Marawi. Ang mga GT ay binuo ayon sa estado sibil at gulang ng mga

kalahok. Sa Kamaynilaan, may dalawang (2) GT ng mga binata at dalawa (2) rin na binubuo ng mga may-asawa. Sa Iloilo at Marawi naman, may tig-iisang GT ang mga binata at may-asawa. Sa kabuuan, may tatumpu't dalawang (32) kalahok na lalaki na may gulang na labintatlo (13) hanggang animnapu (60).

Pagsusuri ng Datos.

Binalikan ang mga transkripsyon ng walong nabanggit na Ginabayang Talakayan. Ihiniwalay ang mga tugon kaugnay ng mga tanong tungkol sa a) katangian ng mga lalaki, b) ano ang tunay na lalaki, at c) ano ang ganap na lalaki. Tiningnan ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tugon sa mga nabanggit na paksa.

Kinasapitan at Pagtatalakay

Ang paglalahad sa bahaging ito ay mahahati sa panlahat at di-panlahat na mga tugon ng mga kalahok kaugnay ng mga katangian ng mga lalaki, tunay, at ganap na lalaki. Sinasabing panlahat ang tugon kung ito ay binanggit ng mga kalahok mula sa tatlong rehiyon kung saan isinagawa ang pananaliksik.

Katangian ng mga Lalaki

Mga Panlahat na Katangian. Nagkaisa ang mga kalahok mula sa Kamaynilaan, Iloilo at Marawi sa pagtukoy sa *pisikal na lakas* at *kakayahang tumupad sa tungkulin* bilang katangian ng mga lalaki.

Ang *pisikal na lakas* ng lalaki ay ipinaliwanag ng mga kalahok sa pamamagitan ng paghambing ng mga kakayahang pisikal ng lalaki at ng mga babae. Halimbawa, madalas na sinabi na:

“... sa pisikal na katangian, mas malakas ang lalaki...”

“malaki ang katawan... maskulado siya (lalaki)... siya ang nagdadala ng mabibigat...”

“mas natatagalan ang pisikal na hirap...”

Maaring mas madaling natawag ang pansin ng mga kalahok sa pisikal na lakas dahil isa itong panlabas na katangian. Sa kabilang banda, mahihinuha na ang laganap na esteryotipo (na malakas ang lalaki, samantalang mahina naman ang babae) ang isang dahilan kung kaya't ang lakas, sa halip na ibang pisikal na katangian, ang siyang pare-parehong binigyan pansin ng mga kalahok na lalaki.

Kaiba sa naunang binanggit na katangian, nagkasundo rin ang mga kalahok mula sa tatlong rehiyon sa pagtukoy sa isang panloob na katangian ng mga lalaki: ang kanyang *kakayahang tumupad sa tungkulin*. Ang mga tungkuling ito ay patungkol sa sarili at sa iba, nguni't kapansin-pansin na binanggit ito sa konteksto ng sariling pamilya. Sinabi na ang mga lalaki ay:

“responsible... marunong magdala ng asawa at ng sarili...”

“sa may asawa, laging handa at may kakayahang tumulong sa pamilya kapag may pangangailangan o sa oras ng krisis...”

Hindi maikakaila ang kahalagahan ng pagiging responsable ng isang tao at malaking bagay na kinikilala ito bilang katangian ng mga lalaki. Mapapansin lamang na tila nalimita sa mga may-asawa ang katangiang ito. Masasabing hindi ito nakapagtataka dahil madalang pag-usapan ang mga responsibilidad ng binata, manapa ay buhay ng bisyo at laya mula sa anumang pananagutan ang malimit na pagsasalarawan dito.

Mga Di Panlabat na Katangian. Bukod sa *panlabat na katangian*, may mga katangian ang lalaki na binanggit lamang ng mga kalahok mula sa isa o sa dalawang rehiyon.

Sa pisikal at sekswal na aspekto ng pagkalahok, tinukoy ng mga kalahok mula sa Kamaynilaan ang pagiging tuli, ganda ng katawan, at "*di-malambot maglakad*". Binigyang pansin naman ng mga kalahok mula sa Iloilo ang pagiging "*seksi*", "*sexually aggressive*", "*aktibo sa palakasan*," at pagkakaroon ng "*mas maraming testosterone sa pituitary glands*". Samantala, tinukoy naman ng mga kalahok mula sa Marawi ang "*pagkakaroon ng bayag*" at "*may atraksyon sa babae*" bilang katangian ng mga lalaki.

Sa punto ng salik ng konsepto ng pagkalahok, masasabing ang pagtukoy sa *ari ng lalaki* at ng kanyang *hormon* ang siya lamang na katangiang biyolohikal. Ang ibang tugon tulad ng pagiging mas mapusok at masigla ng lalaki sa seks ay nakapaloob sa sosyo-kultural na aspekto ng pagkalahok. Dito maaaring makita ang impluwensiya ng pamilya, lipunan, at kultura sa paghubog sa mga lalaki (at babae) ayon sa inaakala nitong karapat-dapat.

Binanggit rin ng mga kalahok ang mga personal na katangian ng lalaki tulad ng "*pagiging mapagsapalaran*", "*inaamin ang pride nila*" (Kamaynilaan), "*pasensyoso*", "*masayabin*", "*easy going at happy go lucky o dungol*," "*makulit*," "*seryoso*," "*tabimik*," "*magaling magdesisyon*," "*mapaggiit ng opinyon*," "*hindi nagbabago ang isip*" (Iloilo), "*matulungin*," "*mabait*," "*hindi mayabang*," "*matapang*," "*bandang lumaban*,"... at laging "*nasa frontline*" at "*matatag at batay sa prinsipyo ang pagpapasya*" (Marawi).

Ang lawak ng hanay ng mga tinukoy na personal na katangian ng lalaki ay maaring maipaliwanag ng pagkakaibaiba mismo ng mga tao. Maging sa isang rehiyon, makikita na halos nasa magkabilang dulo ang pagsasalarawan sa lalaki (seryoso vs. masayahin). Sa ganitong punto marahil magiging malinaw ang sikolohikal na aspekto ng pagkalahok; may sariling katangian at pag-unawa ang bawat indibidwal na siyang nagiging mahalagang impluwensiya sa kanyang pagkalahok.

Samantala, ang diin na ibinigay ng mga lalaki sa isang rehiyon sa ilang katangian ay nagsasalaman naman ng kahalagahan ng sosyo-kultural na impluwensiya sa pagkalalaki. Bagama't ang tapang ay isa sa pangkaraniwang pagsasalarawan sa mga lalaki, malalalahan ang kakaibang pag-unawa nito sa konteksto ng kulturang Maranaw. Matimbang dito ang "*Maratabar*" at pagtatanggol sa karangalan ng pamilya kung kaya nga sinabi ng isang kalahok sa Marawi na ang lalaki ang siyang inaasahang:

"tagapangalaga at tagapagtanggol ng mga babaeng miyembro ng pamilya lalo na sa harap ng pagpapabaya ng pamahalaan sa kalagayan sa aming rehiyon."

May dalawang mukha ang lalaki na makikita mula sa pahayag ng mga kalahok. Ang isa ay ang esteryotipo ng taong nakahihigit sa iba, lalo na sa babae, at ang isa naman ay ang esteryotipo ng taong wala nang ikabababa pa. Tahasang sinabi ng mga kalahok mula sa Kamaynilaan at Iloilo na superyor ang mga lalaki sa ilang larangan ng buhay, liban pa sa pisikal na lakas. Sinabi ng mga taga-Kamaynilaan na "*superyor at mas may kakayahan sa pamamahala ang lalaki... balimbawa na sa gobyerno...*" Samantala, tinukoy naman ng ilang taga-Iloilo ang "*bigit na kakayahan ng mga lalaki sa matematika*" at ng "*...bigit na makapangyarihan ang lalaki dahil sa kumbensasyon ng kanyang pisikal na katangian at mga ikinikilos.*"

Sa kabila ng pagpapahayag ng mga kalahok mula sa Iloilo tungkol sa pagkaangat ng mga lalaki sa babae, mayroon namang tumukoy sa di-kanaisnais na mga gawi ng lalaki. Sa salita ng mga kalahok:

"ang karakter ay may kasamang bisyo, tulad ng pag-inom, paninigarilyo, pambababae..."

Alin ba sa dalawa ang mas malapit na katotohanan? Mayroon ba?

Nakita ng ilang kalahok mula sa Iloilo ang kahangalan ng pagtatalo kung sino sa lalaki at babae ang mas nakatataas. Kinilala nila ang kamay ng lipunan at kultura sa pagpapakahulugan sa lalaki at babae:

"sa Philippine system, dahil may patriarchal rule kung saan may assertion of maleness over femaleness, may konseptong basta lalaki ka, magpakalalaki ka, kailangang mas mataas ka kaysa sa babae. Maling konsepto ito, dahil isang social concept ito; male and female differ in physical attributes pero may mga bagay na magagawang pareho ng babae at lalaki... conceptual construction lang... may innate at culturally bound..."

"...ang pagiging lalaki ay purely biological matter..."

Tunay na Lalaki

Panlabat na Tugon. Ang tunay na lalake ay ma-prinsipyo. Ito ang isang malinaw na pagsasalarawan sa tunay na lalake ng mga kalahok mula sa tatlong rehiyon, halimbawa:

"... nakikipaglaban siya para sa kanyang prinsipyo... hindi niya ito tinatalikuran kahit na sa kabila ng mahigpit na pagdidiin ng marami."

"fighter, warrior, militant sa pagsasalita at pakikipaglaban ng relihiyon (Islam)... sinasabi ang dapat sabihin kahit sino pa ang matamaan..."

Di-Panlabat na Tugon. Maliban sa pagiging ma-prinsipyo, sinabi rin ng mga kalahok mula sa Kamaynilaan at Marawi na ang tunay na lalake ay responsable. May dalawang binanggit na larangan kung saan inaasahan ang ganitong responsibilidad: sa pamilya at sa lipunan.

Ang pagiging responsable sa pamilya ay kinilala bilang tanda ng isang tunay na lalake:

"... ginagampanan niya ang magagawa o obligasyon sa pamilya..."

Ang panloob na aspektong ito ng pagiging tunay na lalake ay matatawag na isa sa mga sikolohikal na aspekto ng pagiging lalake.

Sa kabilang dako, madiin ang pagtukoy ng mga kalahok mula sa Marawi at ng isa mula sa Kamaynilaan sa kahalagahan ng paggampan ng isang tunay na lalake sa kanyang responsibilidad sa lipunan. Sinabi ng mga taga-Marawi na:

“... nakikibahagi siya sa kolektibong responsibilidad sa pagtatanggol ng dignidad at posisyon ng komunidad at pamilya...”

“... may kakayahan tulungan ang kaibigan, ka-pamilya at mga kasamang nangangailangan... halimbawa, pumupunta sa libing ng kasama sa komunidad na namatay... nagbibigay ng abuloy dahil panlipunang obligasyon ito...”

Maaaring masabi mula sa tugon sa itaas na ang tunay na lalake ay hindi lamang pinatutunayan sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-ugnayan sa kanyang pamilya, komunidad at lipunan. Pinatutunayan rin ito ng lalake sa kanyang sarili, tulad na halimbawa ng sa kaso ng pag-iwas sa pambababae at sa ibayong pagsisikap magtrabaho.

Ayon sa marami-raming kalahok mula pa rin sa Kamaynilaan at isang kalahok mula sa Iloilo, ang tunay na lalake ay makikilala rin sa kanyang sekswal na kilos at kakayahan. Halimbawa nito ang mga sumusunod na pahayag:

“... lapitin siya ng babae... (lalo na) kung may materyal: may personalidad na, mayaman pa.”

“... kapag nakakakita ng hita (ng babae) ay tinitigasan...”

“... may anak para may kapalit sa mundo... Kaya si FPJ, hindi tunay na lalake dahil walang anak...”

Mapapansin na may biyolohikal na aspektong tinutukoy rito kaugnay ng pagiging tunay na lalake (i.e., tinitigasan at may anak). Samantala, ang sosyo-kultural na salik ay nakikita naman sa magkaibang pananaw tungkol sa kaugnayan ng kasarian ng taong ka-relasyon at pagiging tunay na lalake. Mahihinuha rin ang impluwensiya ng lipunan at kultura mula sa mga bagay na idiniin ng mga taga-Marawi kaugnay ng pagtupad ng responsibilidad.

Bagaman at may mga kalahok mula sa Iloilo na nagbigay ng kanilang pananaw tungkol sa tunay na lalake, marami sa kanilang mga kasamahan ang nagsabing walang tunay na lalake! Dala ito ng kanilang paniwala na konstruksyon lamang ng lipunan ang “tunay na lalake”.

“... relative ang depinisyon...culture bound ... kaya kahit hindi dapat pigilin ang iyak talagang masakit sa dibdib natin (ng mga lalake) ay pipigilin natin dahil iyon ang standard na nai-set ng kultura...”

“... parehong babae at lalake, puedeng mag-shift roles kaya mahirap sabihin na may tunay na lalake...”

Ganap na Lalaki

Panlabat na Paglalarawan sa Ganap na Lalaki. May mga bagay tungkol sa ganap na lalake ang napagkasunduan ng mga kalahok mula sa tatlong rehiyon subalit mayroong partikular na pagdidiin ang mga lugar na ito kaugnay ng panlahat na tugon.

Unang-una, nakita na itinuturing na ganap ang isang lalake kapag may pamilya na siya, at sa partikular, na may anak na siya. May lapat rin ang mga tugon kaugnay ng pagintindi ng mga lalake sa kapakanan ng kanilang pamilya:

“... hindi pinapabayaang magutom ang pamilya...”

“... may ambisyon para sa pamilya...”

Ang nakitang pagkakaiba sa tugon ng mga kalahok mula sa bawat rehiyon ay kaugnay ng paraan ng pakikitungo sa

pamilya. Sa Kamaynilaan, tinukoy ang “matigas na pagsasalita sa pamilya... at kahit mali ay susundan siya”; sa Iloilo, tinukoy ang pagiging malambing at malapit ng lalake sa kanyang asawa at mga anak; at sa Marawi, ang paggalang at pagtanggol sa mga ka-pamilya, lalo na sa mga babae.

Ikalawa, sinabi rin ng mga kalahok na ang ganap na lalake ay iyong may sariling trabaho. Dinugtong ng ilang kalahok mula sa Marawi na mahalaga na kasiya-siya para sa sarili ang nasabing trabaho. Sinabi rin na mahalagang may naisakatuparan nang mga layunin sa buhay ang isang ganap na lalake.

Di-Panlabat na Pagsasalarawan. Marami sa mga tugon mula sa Kamaynilaan at isa mula sa Iloilo ang tumukoy sa aspektong sekswal bilang tanda ng ganap na lalake:

“... kapag nacircumsized na...”

“... kapag nabinyagan na...”

“... nakatikim na ng luto ng Diyos...”

“... makakabuntis na...”

May isang kaugnay na tugon na nakatawag-pansin at ito ay iyong nagsasalarawan sa isang ganap na lalake na nagtuturo at nagpapayo sa kanyang mga anak tungkol sa karanasang sekswal.

Kung titignan ang iba pang tugon ayon sa rehiyon, binanggit rin ng mga kalahok mula sa Kamaynilaan ang pagiging ganap na lalake sa pagdating sa edad 21. Sinabi naman ng mga kalahok mula sa Marawi na ang ganap na lalake ay iyong “militante”, “cultural hero”, nagbibigay ng upuan sa sasakyan sa babaeng Maranaw”, at iyong “kung puede, hindi tumatabi sa babae sa sasakyan...”

May mga kalahok rin mula sa Kamaynilaan at sa Marawi na nagsabi na ang ganap na lalake ay iyong may mga katangian ng tunay na lalake.

Konklusyon

Sa pagsuri sa tugon ng mga kalahok, nakita na may mga pagkakatapan o panlahat na mga tugon ng mga kalahok mula sa tatlong rehiyon. Nagkaisa ang mga kalahok sa pagtukoy sa pisikal na lakas at kakayahang tumupad sa tungkulin bilang katangian ng mga lalaki. Itinuturing na "tunay" ang isang lalaki kung siya ay maprinsipyo. Samantala, sinabing "ganap" ang isang lalaki kapag siya ay pamilyado at may sariling trabaho para sa pagtustos sa kanilang pangangailangan.

Napag-alaman mula sa pag-aaral na ang mga katangian ng lalaki, gayundin ang mga tanda ng tunay at ganap na lalaki, ay may aspektong biyolohikal, tulad ng pisikal na pangangatawan; sikolohikal, tulad ng mga indibidwal na katangian at kagustuhan tungkol sa kanilang pagkalalaki; at sosyo-kultural, tulad ng mga tungkulin na inaasahang gagampanan niya.

Sa kabila ng ilang pagkakatapan ng mga tugon ng mga kalahok mula sa tatlong rehiyon, nakita rin na may malaking impluwensya ang lipunang ginagalawan ng mga kalahok sa kanilang pag-unawa ng tatlong nabanggit na paksa tungkol sa pagkalalaki. Mahihinuha na malaki ang impluwensya ng kulturang Maranaw at ng relihiyong Islam sa pagtingin ng mga kalahok na kailangan sikapin ng mga lalaki na matumbasan ang mga katangian ng Propeta at maging handa sa pagtulong sa pamilya at angkan. Nakita rin ang impluwensya ng edukasyon sa Unibersidad sa perspektibo ng mga lalaki sa Iloilo kaugnay sa kanilang pagdiin na kultural lamang at hindi likas ang konsepto ng tunay na lalaki. Nakakatawag-pansin naman na higit na marami ang pagtukoy sa sekswal na kilos bilang palatandaan ng kalahok mula sa Kamaynilaan.

Mahalagang banggitin na hindi ganoon kakitid ang perspektibo ng mga lalaki mismo kaugnay ng pagkalalaki ayon sa inaakala ng marami. Maraming salik ang nagsasama-sama upang mabuo ang pananaw ng lipunan at ng indibidwal.

Sa punto ng sosyalisasyon, magandang isipin na hindi pa nga huli ang lahat. Totoong patuloy ang sosyalisasyon ng tao sa kanyang pagtanda at marami pang pagbabago ang maaaring asahan kaugnay ng pananaw tungkol sa pagkalalaki at sa kanyang pagkatao.

Sanggunian

Abrrera, M.A.S.

1972 "Ang Paninyansing ayon sa 'Babaero', Lalaking 'Karaniwan', at Lalaking Torpe." Papel na binasa sa panayam sa sikolohiya, Tag-init, UP Diliman, nasa *Philippine Sexuality: A Compilation*. C. Legarda, et. al. (pat.) Lungsod Quezon: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino.

Abaya, S.E. et al.

1990 Sekswal na Gawi ng mga Kabataang Nag-aaral sa Mataas na Paaralan. Di nakalathalang undergraduate thesis, Departamento ng Sikolohiya, Pamantasang De La Salle, Maynila.

Aguiling-Dalisay, G.P. et al.

1995 *Luto ng Diyos: Mga Kwento ng Buhay Mag-asawa*. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino Publishing House.

Aguiling-Dalisay, G.P.

1983 *Fathers as Parents*. Di nakalathalang masteral thesis sa Sikolohiya. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

Arranz, M.G. et al.

1983 *Attitudes of Single and Married Men on Infidelity: Causes Attached to Marital Infidelity of Men*. Di nakalathalang undergraduate thesis, Departamento ng Sikolohiya, Pamantasang De La Salle, Maynila.

Basow, S.A.

1992 *Gender Stereotypes and Roles* (3rd edition). California: Brooks/Cole Publishing Co.

- Brittan, A.
1989 *Masculinity & Power*. New York: Basil Blackwell, Inc.
- Bulatao, R.A.
1978 "The Double Standard in Sex Roles." *Philippine Sociological Review*, Vol. 26 Nos. 3 & 4 (July-October), pp. 201-224.
- Center for Women's Resources [CWR]
1995 *Kalagin Ang Ating Tanikala: Batayang Kurso sa Kalagayan at Pakikibaka ng Kababaihang Pilipino*. Quezon City: Center for Women's Resources.
- Cruz, I.R.
1991 "Ang Kabastusan ng mga Pilipino." Nasa *Reading Popular Culture*. S. Reyes (pat.) Quezon City: Ateneo de Manila University, pp. 98-123.
- Fajardo, C.S.J.
1982 *The Image of the Filipino Male: Perceptions of a Selected Urban Audience and Television Drama Portrayals*. Di Nakalathalang Graduate Thesis sa Komunikasyon. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.
- Garcia, J.N.C.
1992 "The Oher Sex." Nasa *Sex in a Minute: A Quickie Survey of Lovemaking*. BL Malang (pat.) Quezon City: Humana Books, pp. 131-137.
- Gaston, J.A. *et. al.*
w.p. *Binyag: Ang Patagong Penomenong Sekswal ng mga Kalalakihan sa Kalakhang Maynila*. Di nakalathalang undergraduate thesis, Departamento ng Sikolohiya, Pamantasan ng De La Salle, Maynila.
- Gilmore, D.D.
1990 *Manhood in the Making: Cultural Concepts of Masculinity*. New Haven & London: Yale University Press.
- Hollnsteiner, M.R.
1981 "The Husband." *Being Filipino: Writings*. Lunsod Quezon: GCF Books, pp. 54-59.

- Javier, I.N.
1980 "The Maranaw Man." Nasa *Mindanao Art & Culture*, R. Llorca (pat.). Lungsod ng Marawi: URC, MSU, p. 9.
- Jocano, F.L.
1973 *The Ethnography of Tagalog Life Cycle: Some Preliminary Descriptions*. Diliman, Quezon City: Department of Anthropology, University of the Philippines.
- Jocano, F.L.
1983 *The Hiligaynons*. Quezon City: UP Asian Center.
- Katigbak, B. *et. al*
1980 *The Filipino Sugar Daddy*. Di nakalathalang undergraduate thesis, Departamento ng Sikolohiya, Pamantasang De La Salle, Maynila.
- Lindsey, L.L.
1990 *Gender Roles: A Sociological Perspective*. New Jersey: Prentice-Hall, Inc.
- Mendoza, R.
w.p. "Sick Roles, Sex Roles (Beyond the Absurdity of Labels)," Kaya Tao: Behavioral Science Department Journal, 7 (1) :28-39.
- Mendoza, R.
1992 "A Male Group in Search of Members." *Santinig* (The official publication of the De La Salle University Faculty Association). Vol. 3 No. 3 (March) p. 2.
- Pagtanac, R.C.
1975 "Donselya: Salamin ng Pagkatao ng Lalaking Pilipino." Nasa *Pagkataong Pilipino*. Lungsod Quezon: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino.
- Pe-Pua, R.; G. Aguilung-Dalisay, and M. Sto. Domingo
1993 *Pagkababae at Pagkalalaki: Tungo sa Pag-unawa ng Sekswalidad ng mga Pilipino*. Lungsod Quezon: PPRTH.
- Pleck, J.H.
1981 *The Myth of Masculinity*. Cambridge, Massachusetts: MIT Press.

Quimpo, A.M.

1979-80 "The Filipino Concept of the Macho Man." Nasa *Samu't saring Papel sa Sikolobyia*. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas.

Santiago, C.E.

1975 "Ang Kahulugan ng Pagkalalaki sa mga Pilipino." Nasa *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolobyang Pilipino*. LF Antonio *et. al.* (pat.) Lungsod Quezon: PSSP, pp. 101-119.

Stevens, E.P.

1993 "Marianismo: The Other Face of Machismo in Latin America." Nasa *Gender Basics: Feminist Perspective on Women & Men*. A. Minas (ed.) California: Wadsworth Publishing Co.

Tolentino, R.B.

1990 "Richard Gomez: Ang Mito ng Pagkalalaki." *Kultura: A Quarterly Forum for Artist, Critic & Audience*, Vol. 3 No. 3, pp. 2-11.

Ventura, S.M.

1981 "The Ex-Husband." *Being Filipino: Writings*. Lungsod Quezon: GCF Books, pp. 116-124.